

## **Patnubay para sa Pagsasampa ng Administratibong Reklamo sa ilalim ng Paksa VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964**

Ang Paksa VI ay ang bahagi ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964 na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan sa mga programa at aktibidad na tumatanggap ng mga pederal na pondo o iba pang anyo ng pederal na tulong pinansyal. Partikular na sinabi ng Paksa VI na “walang sinumang tao sa Estados Unidos, batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan, ang dapat na tanggihan, pagkaitan ng benepisyo, o tatratuhin nang may diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad para tumanggap ng Pederal na tulong pinansyal.” 42 U.S.C. § 2000d. Kung naniniwala kang hindi ka isinama sa paglahok, hindi binigyan ng mga benepisyo, o pinakitunguhan ng may diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa na tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal, maaari kang magsampa ng reklamo batay sa Paksa VI sa opisina ng mga karapatang sibil sa ahensyang pederal na nagbigay ng tulong pinansyal.

### **Sino ang Puwedeng Magsampa ng Reklamo?**

Ipinagbabawal ng Paksa VI ang diskriminasyon sa “[mga] tao.” Hindi kailangang mamamayan ng Estados Unidos ang isa para maprotektahan ng batas.

### **Impormasyon na Isasama**

Sa reklamo mo batay sa Paksa VI sa pederal na ahensya, dapat mong isama ang:

1. Ang iyong impormasyon sa pagkontak (hal., numero ng telepono, address).
  - a. Kung nagsampa ka para sa ibang tao, isama ang iyong pangalan at impormasyon sa pagkontak, at ang iyong kaugnayan sa taong iyon.
  
2. Ang tatanggap ng pederal na tulong pinansyal na sinasabing gumawa ng diskriminasyon.
  - a. (hal., Kagawaran ng Transportasyon).
  
3. Deskripsyon ng sinasabing diskriminasyon kasama ang mga petsa.
  - a. (hal.,).
  
4. Deskripsyon ng espesipikong masamang epekto ng sinasabing diskriminasyon.
  - a. Ang masamang epekto ay negatibong natural na epekto ng sinasabing diskriminasyon
  - b. (hal.,).
  
5. Deskripsyon ng masamang epekto ng ibang pakikitungo sa isang indibidwal o grupo batay sa isa sa mga kategoryang protektado ng Paksa VI (ibig sabihin, lahi, kulay, o bansang pinagmulan).
  - a. Ang masamang epekto ng ibang pakikitungo ay ang paghahambing ng masamang epekto sa protektadong uri sa isang hindi protektadong uri. Ang paratang ng ibang pakikitungo ay mahalagang bahagi ng reklamo.
  - b. (hal.,).

6. Deskripsyon ng anumang posibleng paghihiganti na maaaring naranasan mo (kung mayroon man) para sa pagrereklamo tungkol sa sinasabing diskriminasyon.

- a. Ang paghihiganti ay tumutukoy sa anumang masamang aksyon na ginawa ng organisasyon dahil inakusahan mo sila ng diskriminasyon.
- b. (hal.,).

7. Dapat na may pirma at petsa ang reklamo.

Dapat na isampa (natanggap) ang reklamo sa opisina ng pederal na ahensya para sa mga karapatang sibil sa loob ng 180 araw pagkatapos ng diskriminasyon, kahit na puwedeng magpasiya ang ahensya na tanggapin ang reklamong inihain na lampas sa yugtong ito. Pinakamabuting magsampa ng reklamo sa loob ng 180 araw.

Maaari mong personal na isumite ang form na ito sa address sa ibaba, o ipadala ang form na ito

sa:

City of Norwalk  
Norwalk Transit System  
Title VI Coordinator  
12650 E. Imperial Highway  
Norwalk, CA 90650

Bilang karagdagan sa proseso ng Reklamo batay sa Paksa VI sa Sistema ng Transportasyon ng Norwalk, maaari kang magsampa ng reklamong transportasyon sa Paksa VI:

U.S. Department of Transportation  
Federal Transit Administration  
Office of Civil Rights, Region IX  
201 Mission Street, Suite 1650  
San Francisco, California 94105-1839